



**MGA TANONG
AT SAGOT** *sa*

SPF

SHARED PROCESSING FACILITIES

ng **C F I D P**



Department of Agriculture
Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization
CLSU Compound, Science City of Muñoz, Nueva Ecija

2024

Ano ang “Shared Processing Facilities (SPF)”?

Ang “Shared Processing Facilities (SPF)” ay isa sa mga program components ng Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP).

Ang component na ito ay ipinatutupad ng DA-PHilMech upang mapaunlad ang pagpoproseso ng niyog sa bansa, at mapaangat ang kita ng mga magniniyog. Ito ay ayon sa itinakda ng RA 11524 o Coconut Farmers and Industry Trust Fund Act. Ayon sa batas, may 10% na pondo mula sa nasabing Trust Fund kada taon ang ilalaan para sa pagtatatag at pamamahagi ng mga SPF. (Year 1: PHP 500M; Year 2: PHP 500M; Year 3: PHP 600M; Year 4: PHP 700M; at Year 5: PHP 1B).

Ano ang mga layunin ng SPF?

Pangunahing layunin ng SPF na mapataas ang kita ng mga magniniyog sa pamamagitan ng pagpoproseso at pagdadagdag-halaga sa kanilang mga produkto.

Mga tiyak na layunin:



Maitatag bilang “community-based o integrated coconut processing enterprises” ang mga SPF.



Mapaganda ang value chain ng pagniniyog upang mapabuti ang kalidad ng mga produkto ng niyog.



Malinang ang kakayanan ng mga magniniyog upang maisulong at maitaguyod ang pagpoproseso ng niyog bilang negosyo o kabuhayan.



Ano-ano ang bahagi ng SPF?

- Gusali o planta
- Mga kagamitang pamproseso ng niyog at mga produkto nito (harvester, dryer, storage, pasteurizer, sealer)
- Transportation

Ano-anong produkto ang sakop ng SPF?

- Copra-crude nut oil/Refined and deodorized coconut oil
- Desiccated coconut
- Virgin coconut oil
- Coconut coir
- Coconut shell
- Coconut sap
- Young coconut



Ano-anong uri ang SPF?



➤ Integrated White Copra Central

Bibili ito ng mga wala ng bunot na niyog, at ipoproseso ito bilang "white copra". Ito ay may patuyuan, coco water set-up, at biomass-fired furnace.



➤ Copra Buying Station

Ito ay bibili ng bahagyang natuyong copra (partially dried). Ito ay may mga patuyuan o drying facilities.

➤ Coconut Coir Processing Plant

Mula sa bunot ng niyog, gagawa ang planta ng tali, geonets, cocopeat, cocologs, handicrafts at fiberboard. May equipment ito na decorticator, twining, weaving machines at compactors.

➤ Coco Sap-based Processing Facility

Mula sa coco sap o dagta, ipoproseso ito bilang "bahalina", coco sugar, coco syrup, aminos, lambanog, coco alcohol (ethanol), at coco toddy vinegar.

Ang equipment para sa sugar, syrup, at aminos ay double-jacketed kettles, evaporators at cabinet dryers.

Para sa paggawa ng lambanog at ethanol, ang mga equipment na gagamitin ay fermentation vats at distillation system.





➤ **Integrated Processing Facility for buko**

Ito ay para sa pagpoproseso ng pared nut, coconut water, frozen meat, bukayo, at buko pie. Ang equipment dito ay hygienic system para sa coconut water extraction, freezers, at chillers.

➤ **Cacao and Coffee Center**

Ito ay para makapag-produce ng pinatuyong fermented cacao at green coffee beans para sa Intercropping System. Ang mga kagamitan dito ay fermentation boxes, mga patuyuan (dryer), at dehulling machine para sa kape.

➤ **Farm Service Crew (FSC)**

Kabilang sa mga serbisyo ng Farm Service Crew ay ang pag-aabono at pag-aani ng mga niyog, hanggang sa maidala ito sa merkado. Layunin ng konseptong ito na pagaanin ang trabaho ng mga coconut farm owners.

Ang mga FSC ay magkakaroon ng mga tractor, hauling vehicle, dehusser, husk chipper, power saw, at harvester.

➤ **Integrated Processing Center**

Ipoproseso nito ang niyog bilang virgin coconut oil (VCO), coconut water, harina, at skimmed milk.

Para sa 300 kilograms-1,000 kilograms niyog kada araw, mayroon itong: coconut graters, hydraulic milk extractor, fermentation vessels, pressure filter at VCO vacuum dryers.

Para sa 5,000 kilograms o mahigit pa na niyog kada araw, ang mga makinang kasama ay: deshelling machines, coconut meat grinder, coconut milk extractor, disk centrifuge, tubular centrifuge, doublejacketed kettle, at filter system.

➤ **Dairy Milk and Livestock-based Products**

Ito ay magpoproseso ng pasteurized milk at milk blends mula sa mga alagang hayop, isang kaparaanan na ginagawa sa Integrated Farming System.

Ang mga equipment na nakapaloob dito ay ang batch pasteurizer, homogenizer, at chillers. Para naman sa itlog, karne at frozen meat products, mayroon ding breeding houses, slaughter houses, processing at packaging areas.

➤ **Coconut Shell Charcoal Granulating Plant**

Ito ay para makagawa ng granulated charcoal, briquettes, at wood tar. Mayroon itong charcoal kilns na smoke-free.



Sino-sino ang mga benepisyaryo ng SPF?

- Kooperatiba ng mga magniniyog
- Lokal na pamahalaan na may produksyon ng niyog o may mga maliliit na grupo ng mga magniniyog

Ano ang mga kinakailangan para maging benepisyaryo ng SPF?

- May registration certificate mula sa Cooperative Development Authority
- May two years na audited Financial Statement
- May project proposal na nakasumite sa Regional CFIDP, at inindorso ng Philippine Coconut Authority head
- May Feasibility Study at Business Plan
- May katibayan na may nakalaang lupa o lote para sa SPF

Ang **Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PHilMech)** kasama ng Philippine Coconut Authority (PCA), ay mangunguna sa pagpapatupad ng Programang Integrated Coconut Processing and Downstream Products (Shared Processing Facilities).

Kaagapay nila dito ang mga sumusunod na mga ahensya:

- Agricultural Training Institute
- Bureau of Animal Industry
- Cooperative Development Authority
- Department of Agriculture
- Development Bank of the Philippines/Land Bank of the Philippines
- Department of Science and Technology
- Department of Public Works and Highways
- Department of Trade and Industry
- National Dairy Authority
- Technical Education and Skills Development Authority



PHilMech Integrated Management System Policy

PHilMech is mandated to generate, extend and commercialize appropriate and problem-oriented agriculture and fishery postharvest and mechanization technologies through a quality management system, environmental protection and pollution control, while being concerned with the safety and well-being of its employees.

MAY TANONG TUNGKOL SA SHARED PROCESSING FACILITIES?

Makipag-ugnayan sa:



@PHilMech



od@philmech.gov.ph



philmech.gov.ph



22-5651-860 (Smart/Sun/TNT)

21-581-860 (Globe/TM)

